REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 07-380

**KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KAPANGYARIHAN ANG PUNONGLUNGSOD MGGL. JAIME R. FRESNEDI NA LUMAGDA SA ISANG KASUNDUAN NG PAGBAYAD NG UPA SA PAGITAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA AT GNG. LICERIA DIAZ-SOLEMA SA HALAGANG LIMANG DAANG PISO (Php 500.00) KADA BUWAN SIMULA ENERO 2000 HANGGANG DISYEMBRE 2006 AT ISANG LIBO AT LIMANG DAANG PISO (Php.1,500.00) KADA BUWAN SIMULA ENERO 2007 HANGGANG DISYEMBRE 2007 NA KUKUNIN SA 2007 EXECUTIVE BUDGET.**

---

**Ipinanukala nina :** Kgg. Mggl. Raul R. Corro
Kgg. Lucio B. Constantino
Kgg. Atty. Icasiano M. Dela Rea
Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.
Kgg. Christian Glenn D. Lorica
Kgg. Bal Niefes
Kgg. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Ma. Luisa Babaran-Echavez. MD
Kgg. Allen F. Ampaya
Kgg. Elmer S. Espeleta
Kgg. Francis Ian T. Bagatsing
Kgg. Mario Bulay, Jr.
Kgg. Artemio A. Simundac

---

**SAPAGKAT**, ang lote na kinatitirikan ng Bayanan Health Center na may sukat na 100 metro kwadrado ay pag-aari ni ***Gng. Liceria Diaz- Solema***;

**SAPAGKAT**, simula 1980 hanggang sa kasalukuyan ang nasabing lote ay hindi nababayaran ang renta;

**SAPAGKAT**, hinihiling ng may-ari ng lote ang halagang Limang Daang Piso(Php. 500.00) kada buwan bilang kabayaran sa nasabing kinatitirikan ng Bayanan Health Center simula Enero 2000 hanggang Disyembre 2006;

**SAPAGKAT**, hinihiling ni Gng. Liceria D.Solema na sila ay mabayaran ng Pamahalang Lungsod ng Muntinlupa ***simula Enero 2000 hanggang Disyembre 2006 sa halagang nakatala sa itaas at Isang Libo at Limang Daang Piso (Php. 1,500.00) kada buwan simula Enero 2007 hanggang Disyembre 2007***;

**SAPAGKAT**, ang nasabing lote ay matagal ng pinakikinabangan ng Bayanan Health Center ng walang kaukulang renta/upa na ibinabayad ang Pamahalaan;

**SAPAGKAT**, sinisertipika ni Dra. Magdalena Meana ang nasabing Bayanan Health Center ay kailangang ipagpatuloy ang pagrenta sapagkat ito ay pinakikinabangan ng mamamayan ng Bayanan;

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN AT PINAGPASIYAHAN PANG MULI**, na binibigyan ng kapangyarihan na lumagda sa isang kasunduan ng pagbayad ng upa sa pagitan ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa at Gng. Liceria Diaz Solema sa halagang ***Limang Daan Piso (Php. 500.00) kada buwan simula Enero 2000 hanggang Disyembre 2006 at Isang Libo Limang Daang Piso (Php.1,500.00) kada buwan simula Enero 2007 hanggang Disyembre 2007 na kukunin sa 2007 Executive Budget***.

PINAGTIBAY, ng ***ika Apat (4$^{th}$) Sanggunian Panlungsod ng Muntinlupa ngayon ika-8 ng Pebrero, 2007 sa kanilang ika-106$^{th}$ Regular ng Pagpupulong.***

**SUMANG-AYON:**

**BAL NIEFES**
***Konsehal***

**ELMER S. ESPELETA**
***Konsehal***

**ALLAN REY A. CAMILON**
***Konsehal***

**FRANCIS IAN T. BAGATSING**
***Konsehal***

**MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, MD**
***Konsehal***

**ALLEN F. AMPAYA**
***Konsehal***

**Inh. MAMERTO SEVILLA, JR.**
***Konsehal***

**MELCHOR R. TEVES**
***Konsehal***

**MARIO BULAY, JR.**
***Konsehal***

**MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
***Konsehal***

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
***Kinatawan ng Sektor***
***Pangulo, Association of Barangay Chairmen***

**CHRISTIAN GLENN D. LORICA**
***Kinatawan ng Sektor***
***Pangulo,Federation of Sangguniang Kabataan***

**LIBAN:**

**Mggl. RAUL R. CORRO**
***Konsehal***

**KEVIN B. DELGADO**
***Konsehal***

**RENE CARL S. CAYETANO**
***Konsehal***

**JOSELITO B. AREVALO**
***Konsehal***

**Inh. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
***Konsehal***

***PINATUTUNAYAN KO ang Katumpakan ng nasabing Resolusyon.***

**CECILIA C. LAZARTE**
***Kalihim***

**PINATUNAYAN:**

**LUCIO B. CONSTANTINO**
***Pangalawang Panghapagang Mayorya/ Tumatayong Pinunong Opisyal***

**PINAGTIBAY:**

**JAIME R. FRESNEDI**
**Punonglungsod**
**Petsa:**____________